
# Obstetric ultrasound (Filipino)

Nasa edad (kabilang ang Gillick na kabataan na may kakayahan at wala pang 18 taong gulang) | Impormasyon sa Pasyente

**Ang isang kopya ng kasulatang ito ay dapat ibigay sa pasyente / pamalit na tagapagpasya upang basahin nang mabuti at maglaan ng oras na magtanong tungkol sa ‘procedure’. Ang information sheet sa pasyente ay dapat isama sa medikal na rekord ng pasyente.**

## 1. Ano ang ‘obstetric ultrasound’ at paano ito makakatulong sa akin/sa pasyente?




*Imahe 1: Ultrasound (adapted).*
*Illustration Copyright © 2019 Nucleus Medical Media, All rights reserved. www.nucleusmedicalmedia.com*

Ang “obstetric ultrasound” ay isang pamamaraan na gumagamit ng ultrasound (sound waves) para kunan ng litrato ang iyong sanggol sa loob ng matris (sinapupunan).

Ang ‘ultrasound’ ay hindi gumagamit ng radyasyon.

Ang ‘ultrasound’ ay may gamit sa pagsusuri:
- sa pagdadalangtao, kabilang ang maramihang pagbubuntis
- ang edad ng iyong hindi pa isinisilang na bata
- para sa anumang abnormalidad sa iyong pagdadalang-tao.

Ang ‘ultrasound’ ay hindi ibinubukod ang mga abnormalidad sakromosoma at hindi lahat ng abnormalidad ay makikita sa mga imahe ng ‘ultrasound’. Ang kalidad ng “ultrasound image” ay maaaring malimitahan ng bigat ng ina, posisyon ng pagsasanggol at pagkakaroon ng peklat sa tisyu.
- Ang posisyon ng sanggol at ng inunan
- iyong puwerta
- ang likido (‘amniotic fluid’) sa paligid ng sanggol
- paglaki at kagalingan ng iyong sanggol.

Ang ‘obstetric ultrasound’ ay isang di masakit na ‘procedure’, walang kinakailangang pampamanhid.

## Habang isinasagawa ang procedure

Ang medical imaging department ay magbibigay ng mga instruksyon kung paano maghanda sa ‘scan’, maaaring kasama dito ang mga sumusunod:
- pagkakaroon ng isang punong pantog
- pagsusuot ng maluwag na dalawang pirasong damit dahil dapat ang iyong ibabang bahagi ng tiyan lamang ang hubad para sa ‘procedure’.

## Habang isinasagawa ang ‘procedure’

Ang mga ilaw sa silid ay didiliman upang mas malinaw na makita ang mga larawan.

Ang ultrasound gel ay ipapahid sa iyong tiyan. Hinahayaan ng dyel ang instrumentong pansubok na madaling dumulas sa balat at tumutulong na makagawa ng mas malinaw na mga larawan.

Pagkuha ng mga larawan ng ‘ultrasound’.

Kapag nakumpleto na ang ‘scan’, ang dyel ay pupunasan sa iyong balat.

Depende sa pamamaraan ang ‘ultrasound’ ay maaaring tumagal nang 30 hanggang 60 na minuto. Ang tagal ng panahon ay nakasalalay sa posisyon at galaw ng iyong di pa isinisilang na sanggol.

Minsan, kailangan ng ‘transvaginal ultrasound scan’ upang mapabuti ang detalye ng mga larawan.

Kung magkakaroon ka ng ‘transvaginal scan’ ang ‘procedure’ ay ipapaliwanag sa iyo. Kasunod nito, maaaring

kunin ang iyong nakasulat na pahintulot upang gawin ang bahaging ito ng ‘procedure’. Ang pangalawang miyembro ng pangkat ay maaari ding nasa loob ng silid sa panahon  ng ‘transvaginal scan’.

Ang ‘transvaginal ultrasound’  ay katulad ng isang pagsusuri sa gynaecologist. Tatakpan ka ng isang balabal. Ang isang maliit na ‘ultrasound transducer’ ay ipapasok sa iyong ari. Ang ‘transducer’  ay gagalawin sa iyong ari at kukunan ng mga imahe o larawan  ng ‘ultrasound’.

## 2. Ano ang mga panganib?

Walang mga kilalang panganib sa iyo o sa iyong sanggol mula sa ‘ultrasound’.

Ang proseso  ay maaaring hindi posible dahil sa ilang medikal at/o panteknikal na kadahilanan.

### Ano ang mga panganib nang hindi pagsasailalim sa ‘obstetric ultrasound’?

Maaaring may mga kahihinatnan kung pipiliin mong hindi dumaan sa iminungkahing ‘procedure’ / gamutan / pagsisiyasat / eksaminasyon. Pakitalakay ang mga ito sa doktor/clinician.

## 3. Mayroon bang mga alternatibo?

Ang paggawa ng desisyon para sa ‘procedure’ na ito ay nangangailangan na maintindihan ng pasyente/ pamalit na tagapagpasya ang mga nakalaang mapagpipilian. Mangyaring talakayin ang anumang alternatibong mga mapagpipilian sa iyong doktor/ clinician.

## 4. Ano ang dapat kong asahan pagkatapos ng ‘procedure’?

Kakausapin ka ng iyong pangkat sa pangangalaga ng kalusugan (healthcare team) kung ano ang iyong aasahan pagkatapos ng ‘procedure’ at paglabas ng ospital.

## 5. Sino ang magsasagawa ng ‘procedure’?

Ang doktor/clinician maliban sa consultant/ specialist ay maaaring tumulong sa pagsasagawa ng naaangkop na klinikal na ‘procedure’/gamutan/ pagsisiyasat/pagsusuri.

Ito ay maaaring doktor/clinician na sumasailalim sa karagdagang  pagsasanay, gayunpaman ang lahat ng mga nagsasanay ay pinangangasiwaan  alinsunod sa mga angkop na propesyunal na patnubay.

Kung ikaw ay may mga pag-aalala sa kung sinong dkctor/clinician ang magsasagawa ng procedure, pakitalakay ito sa doktor/clinician.

## 6. Saan ako makakakuha ng suporta o karagdagang impormasyon?

Pangangalaga sa Ospital:  bago, habang at pagkatapos ay makukuha mula sa “Queensland Health Website www.qld.gov.au/health/services/hospital-care/before-after kung saan mababasa ang iyong mga karapatan sa pag-aalaga ng iyong kalusugan.

May mga kawani na handang magbigay ng suporta sa mga pangkultura at pang-ispiritwal na pangangailangan ng mga pasyente. Kung nais mo ng pangkultura at pang-ispiritwal na suporta, mangyaring talakayin sa iyong doktor/ clinician.

Kinikilala ng Queensland Health na ang mga pasyente ng Aboriginal at Torres Strait Islander ay makakaranas ng pinakamahusay na klinikal na pangangalaga kung ang kanilang kultura ay  kabilang sa proseso ng pagpapasya.

## 7. Mga tanong

Mangyaring tanungin ang doktor/clinician   kung hindi mo nauunawaan ang anumang aspeto sa information sheet ng pasyenteng ito o kung mayroon kang anumang mga katanungan kaugnay ng iyong/ medikal na kundisyon, mga mapagpipiliang gamutan at mungkahing  pamamaraan/gamutan/pagsisiyasat/ eksaminasyon.

## 8. Kontakin kami

**Kung emerhensiya, tumawag sa Tatlong Sero (000)**

Kung hindi naman emerhensiya, pero may mga alalahanin, kumontak sa 13 HEALTH (13 43 25 84), 24 na oras sa isang oras, 7 araw sa isang linggo.

© The State of Queensland (Queensland Health) 2021. Except as permitted under the *Copyright Act 1968*, no part of this work may be reproduced communicated or adapted without permission from Queensland Health. To request permission email: ip_officer@health.qld.gov.au